Pagpapatala sa ordinaryong lokal na mga eskwelahan

Pag-aaral sa ordinaryong lokal na mga eskwelahan: Karagdadagang Programa sa Tag-araw at iba pang programang tulong sa eskwelahan.

Upang matulungang makibagay ng maayos sa pag-aaral sa lokal na eskwelahan ang mga mag-aaral NCS na nasa local na paaralang primarya, iniaalok sa kanila ang mga sumusunod na programa bilang pagahahanda sa kanilang pagpasok sa ordinaryong eskwelahan.

Pangalan ng Programa at Mga Nilalaman	Karagdagang Programa sa Tag-araw para sa mga NCS (kung saan ang mga nilalaman nito ay kasama ang pagsasalita at pakikinig ng Cantonese, pag-aaral sa pagsusulat at pagbabasa ng Tsino upang matugunan ang nalalapit nilang pangangailangan sa kanilang araw-araw na pamumuhay at mabigyan sila ng inspirasyong mahalin ang pag-aaral ng wikang Tsino)
Iskedyul ng Programa	60-oras na programa na tumatagal ng mga 4 apat na linggo sa tuwing bakasyon sa tag-araw.
Target	Mga unang baitang sa Primarya na mag-aaral NCS na pumapasok sa tuwing Setyembre sa pamamagitan ng Sistema ng Pagpasok sa Unang Baitang ng Primarya; ang Karagdagang Programang ito ay pinalawak lalo para sa mga mag-aaral na NCS para sa ikalawa, ikatlo at ika-apat na baitang ng Primaya mula tag-araw ng 2007 hanggang kasalukuyan.
Organisasyon at Lugar ng Programa	**Organisasyon:** Mga eskwelahan inaanyayahan ng EDB upang pamahalaan ang programa. **Lugar ng Programa:** Ang mga inanyayahang eskwelahan ay pagsasabihan ang mga magulang kung saan gaganapin ang programa at iba pang mga detalye nito.
Bilang ng mga estudyante sa bawat klase	Mga 15
Bayad	Libre
Pagtatanong	2892 6190

Iba pang Tulong na mga Programa sa Eskwelahan

Bilang karagdagan sa naturang programa, bibigyang pansin ng mga eskwelahan ang pinagmulang pamilya ng mga batang NCS (kung sila man ay bagong-dating o mahirap ang buhay) at ang kanilang kakayahan (katulad ng walang alam sa wikang Tsino o iba pang pangangailangan sa pag-aaral) at ipinamamahagi ang iba't ibang pondong bigay ng EDB, hal. ang "Capacity Enhancement Grant", "School-based After-school Learning and Support Programmes" at "School-based Support Scheme Grant" para sa mga eskwelahang tumatanggap ng bagong dating na mga bata, at iba pa upang bigyan ang mga NCS na bata ng iba't ibang suporta pagkatapos ng klase o mga programang nagbibigay ng ekstrakurikular na gawain, katulad ng pagpapaturo sa pag-aaral ng wikang Tsino, pagpapaturo sa paggawa ng takdang-aralin at kasama na ang pagbisita sa komunidad. Ang lahat ng ito ay tumutulong sa mga NCS na bata upang mapagtagumpayan ang kanilang problema sa pakikibagay at kahirapan sa pag-aaral at iba pa.